# OBRA BILANG MUSA NG OBRA (PAGGAMIT NG MGA PILING LIKHA NG MGA PAMBANSANG ALAGAD NG SINING SA PAGTUTURO NG PAGSULAT NG SANAYSAY AT MALIKHAING SULATIN)

*by:*
**Shiela T. Navarro**
*LPT*

Hindi biro ang magturo ng pagsulat ng sanaysay o anumang anyo ng malikhaing pagsulat. Marami sa mga mag-aaral sa hayskul o kolehiyo ay kulang sa kumpiyansa sa sarili sa paglikha ng komposisyon o 'di kaya'y kulang sa kasanayan kung paano magsimula, bumuo, at pinuhin ang likhang artikulo (Bulqiyah, Mahbub, & Nugraheni, 2021). Sa kabila ng mga balakid na ito sa lubusang pagkatuto ng kasanayan sa pagsulat, nararapat na matulungan ang mga Filipinong mag-aaral na linangin ang kanilang galing sa pagsasalaysay at magamit ito sa iba't ibang larangan o disiplina.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Lingid sa kaalaman ng mga mag-aaral, maraming gamit at malaki ang pakinabang ng kahusayan o kadalubhasaan sa pagsulat ng sanaysanay o malikhaing komposisyon. Ang mga maikling talambuhay, editoryal, opinyon, kritisismong pampanitikan, repleksyon, argumentasyon, manifesto, o talumpati—ay mga anyo ng sanaysay (www. babylon.edu, n.d) Gayundin, ang mga patalastas, kredo, motto, pabalat o disenyo ng mga produktong komersyal ay bunga ng malikhaing pagsulat. Kaya naman, lalong dapat pag-ibayuhin ng mga guro sa Filipino ang pagtuturo nito at mabigyan ng pokus ang pagpapaunlad ng kaparaanan sa pagtuturo ng mga nabanggit na kasanayan.

Ayon kay Jabali (2018) at Toba (2019) ang pagsulat ay isang produktibong kasanayan (Bulqiyah, et. al. 2021). Ang pagsulat ay isang produktibong gawain sapagkat ang mag-aaral ay ang siyang pinagmumulan ng kaisipan, karanasanan, kuro-kuro o

imahinasyon na siya niya namang hinuhulma gamit ang mga salita at pangungusap na para sa kaniya'y angkop sa kaniyang motibo, ekspresyon at karakter.

Kung ang kariktan ng produkto ay naka-angkla sa kalidad ng prodyuser (ang mag-aaral), nararapat lamang na masiguro na ang kanilang kani-kaniyang estilo sa pagaaral (learning style), talento, yaman ng kanilang karanasan at pamilyaridad sa mga paksa ay naisasa-alang alang. Iba-iba ang mag-aaral, ilan sa kanila ay ganadong magsulat kung sila ay inspirado ng musika, o kung sila ay namangha sa isang pintang larawan, o 'di kaya'y napaisip sa pelikulang napanood.

Tiyak na mas magiging malaman at malalim ang likhang sanaysay, tula, talumpati, awit o berso ng mag-aaral kung siya ay mabibigyan ng makulay at mayamang paghuhugutan ng damdamin, pilosopiya, ideya, konsepto, diwa o anggulo. Ang produksyon ay kasunod ng resepsyon o pagtanggap. Sahalip na pagbasahin lamang ang mga mag-aaral at pagsulatin sila ng kanilang reaksyon, lubos na makakatulong kung sila'y pararanasin ng isang karanasang pupukaw ng kanilang mga pandama (paningin, pangamoy, panlasa, pandinig at pandama). Ang mga stimuli na ito ay pawang ningas na magsisiklab ng kanilang imahinasyon at butil na pagmumulan ng kanilang mga natatanging OBRA.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Kung resource o batayan at pagkukunan ng kaalaman ang kailangan, hindi dapat mabahala ang mga guro sapagkat mayaman ang bansa sa mga OBRANG likha ng mga PAMBANSANG ALAGAD NG SINING sa pagpinta: Fernando Amorsolo, Jose Joya, Carlos Francisco, Ang Kiukok, Vicente Manansala; sa iskultura: Guillermo Tolentino at Napoleon Abueva; sa arkitektura: Cezar Legazpi, Arturo Luz, Leandro Locsin, at Juan Nakpil; sa teatro at pelikula: Wilfredo Ma. Guerero, Tony Mabesa, Ricky Lee, Lino Broca, Ishmael Bernal, Jr. at Marilou Diaz-Abaya; sa sayaw: Francisca Reyes Aquino, Lucrecia Faustino Reyes, at Ramon Obusan, at sa musika: Lucio San Pedro, Lucrecia Kasilag at Ryan Cayabyab (National Commission for Culture and the Arts [NCCA], n.d.)

Iba't iba ang talino ng bawat tao ayon kay Howard Gardner. Magkakaiba din ang estilo ng pagkakatuto ng bawat mag-aaral; ang ilan ay mas natututo sa pakikinig, iba sa pagtingin sa mga larawan o pagdanas sa karanasang biswal, ang iba naman ay sa direktang partisipasyon o paggawa. Ang pluralidad ng karanasan o milieu, karakter at indibiduwalidad ng mga artist gayundin ang varayti ng kanilang likha mula sa paksa, gamit, ekspresyon, pagdulog at pamamaraan ay magluluwal ng mayamang karanasan na siyang puhunan ng mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay o anumang malikhaing sulatin.

Tungkulin ng guro ang pumili ng obra ayon sa edad at kalikasan ng mag-aaral; ang alamin kung saang yugto ng pagsulat (pagbuo konsepto, pagsulat ng burador, pagbuo ng katawan, pagorganisa at pagsusuri ng akda) gagamitin ang obra; ang bumuo ng mga pili at akmang tanong para palabasin ang diwa, mensahe, at pinagmulan ng likhang sining; ang tulungan ang mag-aaral na isalin ang isang genre patungo sa isa pang genre (i.e. kanta—tula, pelikula—sanaysay, sayaw---kuwento) at ang paghamon sa kanila na maging malikhain, matapang, at naiiba.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Gampanin naman ng mga mag-aaral ang magbigay pokus sa obra, himayin, tanungin, at magbigay tugon dito gamit ang pagsulat. Maari silang igrupo ayon sa kanilang hilig o talento, maari ring bigyan sila ng pagkakataong pumili ng obra at sumulat ng iisang uri ng sulatin o gamitin ang iisang uri ng obra o iisang tiyak na obra at magsulat ng iba't ibang klase ng sanaysay (nagsasalaysay, naghihikayat, argyumentativ, informativ, nagkukumpara, nagbibigay depinisyon at nagbibigay halimbawa).

Integratibo at interaktibong pagkakatuto ang siyang uso sapagkat ito'y kumikilala sa indibiduwalidad ng bawat mag-aaral at nagbubunsod sa holistikong edukasyon. Nakakatuwa na nasa ating sining-kasaysayan ang mga OBRAng magagamit bilang lunsaran ng paghubog sa galing ng mga mag-aaral sa pagsulat ng kanilang sariling OBRA.

*References:*

Bulqiyah, S. Mahbub, M.A. & Nugraheni, D.A. (2021). Investigating writing difficulties in essay writing: Tertiary students' perspectives. English Language Teaching Educational Journal, 4(1), 61-73. 10.12928/eltej.v4i1.2371

Llaneta, C. C. (2022). Five Out of 8 National Artists for 2022 are from UP. Retrieved from https://up.edu.ph/five-out-of-8-national-artists-for-2022-are-from-up

UOBabylon, n.d. Retrieved from https://www.uobabylon.edu.iq/eprints/publication_11_8749_1861.pdf

NCCA. (n.d.) Order of National Artists. Retrived from https://ncca.gov.ph/about-culture-and-arts/culture-profile/national-artists-of-the-philippines/

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan